

# Programa para sa Pagprotekta ng Kalusugan ng Komunidad ng San Francisco Bay Area

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay bumuo ng bagong *Programa para sa Pagprotekta ng Kalusugan ng Komunidad* para palawakin ang aming mga pagsusumikap para bawasan ang pagkakalantad ng komunidad sa mga pamparumi ng hangin. Ang nangungunang prayoridad ng programa ay ipatupad ang Panukalang-batas ng Asembleya 617 (AB617), isang inisiyatiba ng buong estado para pagandahin ang kalusugan sa mga komunidad na pinakaapektado ng pagpaparumi sa hangin.



BAY AREA  
AIR QUALITY  
MANAGEMENT  
DISTRICT

Sa pamamagitan ng *Programa para sa Pagprotekta ng Kalusugan ng Komunidad* at mga pakikipagtulungan sa mga komunidad sa Bay Area, pinaplano ng Distrito ng Hangin na bumuo at magpatupad ng mga aksyon para bawasan ang mga lokal na epekto sa kalidad ng hangin sa lugar. Ang *Programa para sa Pagprotekta ng Kalusugan ng Komunidad* ay bubuuin ng komunidad at malinaw na proseso na bubuo ng kapasidad sa mga komunidad para bawasan ang mga inilalabas at pagkakalantad sa pagpaparumi sa hangin.

## Paano tutulungan ng programang ito ang mga komunidad na naapektuhan ng pagpaparumi sa hangin?

Ang mga komunidad na apektado ng pagpaparumi sa hangin ay mayroong pagkakataong direktang makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin. Maaari tayong magtulongan para buuin ang ating kasaysayan ng mga regulasyon, gawad at mga alituntunin sa paggamit ng lupa para bumuo ng karagdagang estratehiya para bawasan ang pagpaparumi sa hangin sa mga lokal na distrito. Sa susunod na maraming taon, makikipagtulungan ang Distrito ng Hangin sa mga stakeholder ng komunidad, lokal na pamahalaan at ang estado para pumili ng mga komunidad para gumawa ng alinman sa mga plano para sa pagbawas ng inilalabas, mga plano sa pagsubaybay sa hangin o pareho nito.

## AB 617 Isang Paulit-ulit na Proseso



## Paano matutukoy ang mga komunidad bilang pinakaapektado ng pagpaparumi sa hangin?

Binuo ng Air District ang Programang CARE (Pagtaya ng Panganib ng Hangin sa Komunidad o Community Air Risk Evaluation) noong 2006. Sa pamamagitan ng programang ito, tinukoy ng Distrito ng Hanginang mga lugar kung saan ang lokal na pagpaparumi sa hangin o daanan ay ang pinaka nag-aambag sa mga epekto sa kalusugan at kung saan pinakamahina ang mga populasyon. Makukuha ang mga mapa ng mga partikular na lugar na ito sa website ng Distrito ng Hangin. Habang naging matagumpay ang

programa sa pagtukoy ng maraming lugar na apektado ng pagpaparumi sa hangin, kinikilala ng Air District ang mga karagdagang lugar, distrito at mga lokal na komunidad na hindi binigyang-diin sa aming Programang CARE na nakakaranas ng mga epekto sa kalusugan mula sa mga pinagmumulan ng pagpaparumi sa hangin.

Bilang pagbabasehan sa pagsisimula para sa pagpili ng mga komunidad para sa Programa ng Pagprotekta sa Kalusugan ng Komunidad, isinasaalang-alang ng Air District ang mga lugar ng CARE pati rin ang mga lugar na mas maikli ang itinatagal na buhay o iba pang mas mataas na pinagsamang score ng kahirapan, gaya tinukoy ng mga gamit sa pagsusuri sa buong estado.<sup>1</sup> Isasaalang-alang din namin ang mga komunidad na may mga refinery, planta ng semento o iba pang malalaking pinagkukunan dahil ang mga komunidad na malapit sa mga pasilidad na ito ay maaaring makaranas ng mas mataas na antas ng pagpaparumi sa hangin kaysa sa iba pang bahagi ng Bay Area.

Ang Distrito ng Hangin ay dapat gumawa ng mga inisyal na rekomendasyon sa estado bago ang Abril 30, 2018, para matukoy ang mga komunidad sa Bay Area na maaaring pinakaapektado ng pagpaparumi sa hangin. Bago ang Hulyo 2018, ang Air District ay dapat pumili ng mga inirerekomendang komunidad para lumahok sa aksyon ng Programa para sa Pagprotekta ng Kalusugan ng Komunidad hanggang 2024. Sa Oktubre 2018, pipili ang Lupon ng Mga Mapagkukunan para sa Hangin mula sa

<sup>1</sup> Ang ginagamit na mga gamit sa pagsusuri sa buong estado ay ang CalEnviroScreen 3.0 at California Healthy Places Index (Index ng Malulusog na Lugar sa California).

buong estado na mayroong “mataas na naipong kahirapan mula sa pagkakalantad” o na naapektuhan nang malaki ng pagpaparumi sa hangin. Ang mga komunidad na ito ay ilalagay sa isang listahan ng prayoridad ng buong estado, para sa aksyon sa susunod na anim na taon. Pipili ng ilang komunidad sa buong estado bawat taon.


## Paano ako makakatulong sa pagtukoy at pagpili ng mga komunidad?

Tinatanggap ng Air District ang gabay at mga mungkahi ng komunidad sa pamamagitan ng Open Air Forum, isang online na platform para sa paglahok ng komunidad o sa pamamagitan ng pagdalo sa isang paparating na workshop. Magsasagawa ng mga workshop sa buong Bay Area sa pagitan ng Marso at Hunyo 2018. Ang lahat ng impormasyon na ibibigay ng komunidad ay susuriin at isasaalang-alang ng Distrito ng Hangin bago ang deadline na Hulyo. Ang mga piniling komunidad para sa unang anim na taon ng programa ay mahigpit na makikipagtulungan sa mga tauhan para mag-iskedyul, magplano at tukuyin ang lawak ng trabaho sa kanilang mga komunidad. Maaari mong ma-access ang Open Air Forum at alamin pa ang tungkol sa mga workshop na malapit sa iyo sa pamamagitan ng pagpunta sa [www.BAAQMD.gov/AB617](http://www.BAAQMD.gov/AB617).

## Ano ang mangyayari kapag pumili ng mga komunidad?

Kapag nakapili ng mga komunidad para gawan ng aksyon sa 2019, makikipagtulungan ang Distrito ng Hangin sa mga lokal na katuwang para mag-utos ng isang komite sa pamamahala ng komunidad at magsagawa ng mga workshop para bumuo ng mga plano ng aksyon o pagsubaybay. Ang CARB (California Air Resource Board) ay maglalabas ng mga alituntunin para sa kung paano bumuo ng mga plano ng aksyon

para sa pagbawas ng inilalabas at mga plano ng pagsubaybay ng hangin ng komunidad bago ang Oktubre 2018 at



kokonsulta ang Distrito ng Hangin sa komunidad para buuin ang saklaw ng mga plano. Sa panahong ito, makikipagtulungan ang Distrito ng Hangin sa mga miyembro ng komunidad sa mga piniling lugar para gawan ng aksyon sa mga darating na taon sa mga aktibidad bago ang pagpapalano. Maaaring gumawa ng iba't ibang pagkalap ng impormasyon at/o pagbuo ng kapasidad. Halimbawa, pagtitipon at pagsusuri ng impormasyon tungkol sa pagpaparumi sa hangin, pagbuo ng mga estratehiya para sa panghihikayat ng higit pang paglahok at maaaring magsimula kaagad ang pag-alam sa iba't ibang paksa ng kalidad ng hangin.

## Anu-anong mga mapagkukunan ang magagamit sa Programa para sa Pagprotekta ng Kalusugan ng Komunidad?

Para sa mga komunidad na apektado ng pagpaparumi sa hangin, mayroong dalawang pangunahing uri ng pinansyal na mga mapagkukunan na magagamit:

### Tulong na salapi ng komunidad –

Magbibigay ang estado ng \$5 milyon para sa mga tulong na salapi para sa teknikal na tulong sa mga lokal na grupo sa komunidad. Magagamit ang perang ito para tulungan ang mga miyembro ng komunidad na makikipagtulungan sa Distrito ng Hangin sa mga plano ng aksyon o pagsubaybay para sa kanilang mga distrito. Magpapatuloy ang Distrito ng Hangin na pondohan ang mga tulong na salapi sa komunidad para bago magplano at para sa iba pang aktibidad ng komunidad para sa pabuo ng kapasidad.

### Mga insentibo para sa malinis na teknolohiya –

Nakatanggap ang Bay Area ng humigit-kumulang na \$50 milyon sa karagdagang pagpopondo para sa tulong na salapi, na magagamit ng mga negosyo para magpatupad ng malinis na teknolohiya para sa mga trak, bus, sasakyang pandagat, tren at mga kagamitan sa konstruksiyon sa pamamagitan ng Programang Carl Moyer ng Distrito ng Hangin. Para malaman pa, pumunta sa [www.baaqmd.gov/moyer](http://www.baaqmd.gov/moyer).

## Mga Mahalagang Petsa

- **Marso 2018** – Deadline para sa mga komunidad para magsumite ng mga form para sa paghirang sa sarili.
- **Abril 2018** – Magsusumite ang Distrito ng Hangin ng mungkahi sa Lupon ng Mga Mapagkukunan para sa Hangin na naglilista ng mga komunidad sa Bay Area na pinaka-apektado ng Pagpaparumi sa Hangin.
- **Hulyo 2018** – Magsusumite ang Distrito ng Hangin ng mungkahi sa Lupon ng Mga Mapagkukunan para sa Hangin para pumili ng mga komunidad na gagawan ng aksyon sa susunod na 6 na taon.
- **Oktubre 2018** – Pipili ang Lupon ng Mga Mapagkukunan para sa Hangin ng mga pinal na komunidad para sa taong 2019.
- **Oktubre 2018** – Gagamitin ng Lupon ng Mga Mapagkukunan para sa Hangin ang mga alituntunin para sa mga plano ng aksyon at pagsubaybay ng komunidad.
- **Oktubre 2018** hanggang **Hulyo 2019** – Magsisimula ang Distrito ng Hangin at ang Lupon ng Mga Mapagkukunan para sa Hangin ng atkwal na pagpapalano kasama ng mga piling komunidad.
- **Hulyo 2019** – Magsisimula ang pagsubaybay sa hangin sa unang taon ng pagpili ng komunidad para subaybayan.
- **Oktubre 1, 2019** – Mga plano ng aksyon na gagamitin ng Distrito ng Hangin.

## Pakikipag-ugnayan

Tinatanggap at hinihikayat namin ang iyong paglahok.

Para sa higit pang impormasyon, mag-email sa [AB617Info@baaqmd.gov](mailto:AB617Info@baaqmd.gov) o puntahan ang website ng Plano para sa Pagprotekta ng Kalusugan ng Komunidad ng Air District sa: <http://www.baaqmd.gov/AB617>.

O kaya, maaari mong puntahan ang website ng Lupon ng Mga Mapagkukunan para sa Hangin sa: <https://www.arb.ca.gov/communityair>



BAY AREA  
AIR QUALITY  
MANAGEMENT  
DISTRICT